

# Mas maraming espasyo sa mga ligtas na lugar para sa mga mahihinang kababaihan

Marso 19, 2024 [Mga katanungan sa media](#)

Tinutupad ng gobyerno ng Alberta ang pangakong magbibigay ng karagdang \$10 milyon sa loob ng apat na taon para palakasin ang mga kanlungan ng kababaihan at pondohan ang mas maraming kama.

Taun-taon, libu-libong kababaihan na nakakaranas ng karahasan sa pamilya at pang-aabuso ay humingi ng tulong mula sa mga kanlungan ng kababaihan. Tinutulungan ng mga kanlungang ito ang mga nakaligtas na malampasan ang ilan sa mga pinakamadilim na kalagayan ng kanilang buhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng ligtas, matulungin na kapaligiran at mga kritikal na suporta, ngunit nahaharap sa mga hamon sa kapasidad at tumaas na pangangailangan para sa mga serbisyo.

Ipinagmamalaki ng gobyerno ng Alberta na suportahan ang mga kanlungan ng kababaihan at ang mahalagang gawaing ginagawa nila upang mapanatiling ligtas ang mga Albertan. Sa ngayon, \$5 milyon ang ipinamamahagi sa mga kanlungan ng kababaihan sa 17 komunidad sa buong lalawigan upang lumikha ng karagdang mga espasyo para sa mga tumatakas sa karahasan. Kung maipapasa, makikita ang Budget 2024 ng Alberta na madadagdagan ang taunang pondo sa mga kanlungan ng kababaihan ng \$5 milyon sa susunod na tatlong taon.

“Ang mga mahihinang kababaihan at mga bata ay dapat palaging may ligtas na lugar na mapupuntahan. Sa pamamagitan ng pagtupad sa aming pangako sa halalan sa mga kanlungan ng kababaihan, tinutulungan ng ating pamahalaan na panatilihin ligtas ang mas maraming pamilyang Alberta, at binibigyang kapangyarihan ang mga nakaligtas sa kanilang paglalakbay sa pagpapagaling.”

*Searle Turton, Ministro ng Mga Bata at Serbisyong Pampamilya*

“Malawakang nakikibahagi ang pamahalaan ng Alberta upang lumikha ng isang gawa-sa-Alberta na plano ng pagkilos na sumusuporta sa mga nakaligtas at tumutugon sa mga ugat ng karahasan na nakabatay sa kasarian. Ang pagpopondo na ito ay makatutulong sa mga kanlungan ng kababaihan sa buong lalawigan na patuloy na tutugunan ang mga pangangailangan ng kababaihan at mga batang babae na tumatakas sa karahasan, pagbuo ng mas matibay na komunidad.

*Tanya Fir, Ministro ng Sining, Kultura, at Katayuan ng Kababaihan*

Ang gobyerno ng Alberta ay naglalabas ng buong \$10 milyon sa loob ng apat na taon, \$5 milyon sa 2023-24, \$1.5 milyon sa 2024-25, karagdagang \$1.5 milyon sa 2025-26, at \$2 milyon sa 2026-27. Pinopondohan ng investment na ito ang karagdagang 104 na kama sa mga kanlungan sa buong probinsya, kabilang ang pagdodoble sa bilang ng mga kama na magagamit sa Whitecourt at pagdaragdag ng mga bagong kama sa Banff YWCA at Eileen's Place.

Bilang karagdagan, susuportahan ng pagpopondo ang mga makabagong programa upang makatulong na matugunan ang mataas na pangangailangan sa mga lugar sa kanayunan. Kasama sa mga solusyon para mapahusay ang mga suporta para sa mga kanlungan sa kanayunan ang \$350,000 para sa bagong programa ng Rowan House Society sa High River, na nagbibigay ng kapangyarihan sa mga kababaihan na magkaroon ng ahensiya sa kanilang mga pagpipilian habang nakararanas ng karahasan sa tahanan, pati na rin ang \$275,000 para sa Big Hill Haven sa Cochrane, na walang pisikal na silungan at umuupa ng mga unit upang ang mga tumatakas sa pang-aabuso ay may lokal na tutuluyan.

Sa wakas, sinisimulan din ng gobyerno ng Alberta ang matagal nang hinihiling na mga pagbabago sa mga kasunduan sa grant ng kanlungan ng kababaihan sa 2024-25. Ang mga tagapagbigay ng kanlungan ng kababaihan ay humihingi ng kakayahang umangkop sa kung paano maglaan ng pagpopondo na pinakamahusay na gumagana para sa mga natatanging kalagayan ng bawat kanlungan at tinutulungan silang mas mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng mga nakaligtas. Magiging epektibo ang mga pagbabago sa mga kasunduan sa pagbibigay na ito simula Abril 1.

## **Mabilis na mga katotohanan**

- Namumuhunan ang gobyerno ng \$55.8 milyon sa taunang pagpopondo para sa mga kanlungan ng kababaihan upang matulungan ang mga indibidwal at pamilya na makuha ang suportang kailangan nila.
- Para sa 2023/2024, mahigit 3,500 matatanda at 2,750 bata ang natanggap sa mga emergency shelter ng kababaihan. Walang tinataboy sa mga emergency shelter ng kababaihan nang hindi inalok ng tulong. Laging may suporta para sa mga kababaihan at pamilyang nakakaranas ng karahasan.
- Ang mga tatanggap ng pondo ay matatagpuan sa Banff, Brooks, Calgary, Camrose, Cochrane, Cold Lake, Edmonton, Fairview, Fort McMurray, Grand Prairie, High River, Lloydminster, Morinville, Rocky Mountain House, Sherwood Park, St. Paul at Whitecourt.
- Ang mga Albertan ay maaaring makakuha ng 24/7 na suporta sa pamamagitan ng pagtawag o pag-text sa Family Violence Info Line sa 310-1818. Ang suporta sa telepono ay inaalok sa higit sa 170 mga wika, kabilang ang lahat ng mga katutubong wika na sinasalita sa Canada. Ang 24/7 na kumpidensyal na webchat ay magagamit din sa Ingles online.

*Ang Budget 2024 ay isang responsableng plano upang palakasin ang pangangalagang pangkalusugan at edukasyon, bumuo ng ligtas at sumusuportang mga komunidad, matalinong pamahalaan ang mga mapagkukunan ng lalawigan at isulong ang paglikha ng trabaho upang patuloy na mabuo ang mapagkumpetensiya na kalamangan ng Alberta.*

## Mga kaugnay na balita

- [Refuge remediation for Peace River women's shelter](#) (Feb. 27, 2024)

## Kaugnay na impormasyon

- [Karahasan sa Pamilya](#)
- [Karahasan sa Pamilya – Maghanap ng Mga Suporta](#)
- [Maghanap ng mga Silungan](#)
- [24/7 kumpidensyal na webchat](#)

## Multimedia

- [Panoorin ang balitang pagpupulong](#)

# Mga katanungan sa media

**Ashli Barrett**

587-545-8821

Kaligham ng Press, Mga Serbisyong Pambata at Pampamilya